Makialam. Makibahagi. Mabilang.

# Ang Iyong **Gabay** sa Senso 2020 para sa mga mag-aaral sa kolehiyo

## Gaano ba kasama kung hind ko sasagutin ang senso?

Kung ang mga batang nasa hustong gulang ay hindi sapat ang bilang sa L.A., maaaring mabawasan ang pagpopondong pederal para sa mga Grant ng Cal at Pell. Maaaring magkaroon ito ng malubhang epekto sa mga mag-aaral sa kolehiyo sa ating lungsod na kailangan ng tulong upang matustusan ang kanilang pag-aaral sa kolehiyo.

## Kailangan bang sagutan ng mga mag-aaral na galing sa ibang bansa ang senso?

Oo! Lahat ng nakatira sa U.S. ay kailangang mabilang bilang bahagi ng senso kada sampung taon, kabilang ang mga mag-aaral na galing sa ibang bansa na nag-aaral sa mga kolehiyo at unibersidad. Kailangang mabilang ang mga mag-aaral na galing sa ibang bansa (kahit na ano pa ang estado ng pagkamamamayan) kung saan sila mas madalas nakatira sa pagsapit nang o bago mag-Abril 1, 2020 (Araw ng Senso).



## Paano ko matitiyak na ako ay nabilang?

Dapat na ikaw ay mabilang kung saan ka mas madalas nakatira sa pagsapit nang o bago mag-Abril 1, 2020 (Araw ng Senso).

Kung nakatira ka sa pabahay para sa mga mag-aaral, kailangan mong mabilang bilang bahagi ng bilang ng senso ng kolehiyo (kahit na ikaw ay nakatigil sa pag-aaral o naka-bakasyon).

Kung naninirahan ka nang mag-isa (hindi sa opisyal na pabahay para sa mga mag-aaral), kailangan mong bilangin ang iyong sarili at lahat ng taong nasa iyong sambahayan. Isang survey lamang bawat sambahayan ang maaaring ipasa.

Kung naninirahan ka kasama ang iyong mga magulang, tiyaking isasama ka nila sa bil-ang sa kanilang survey.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, makipag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

# Ang Iyong **Gabay** sa Senso 2020 para sa mga pamilya

## Kung hindi ko masasagutan ang senso Gaano ba ito kasama?

Higit sa $115 bilyon ang nagagastos kada taon sa mga paaralan, sa California pangangalagang pangkalusugan, pabahay, transportasyon, at iba pang mahahalagang programa sa California na tinutukoy ng datos ng senso.

Noong 2010, tinatayang 74,000 na mga bata ang hindi nabilang sa County ng Los Angeles. Nakakaapekto ang hindi tumpak na bilang sa mga pagpopondo para sa mga programang nagseserbisyo sa mga bata, kabilang ang Head Start, ang Children's Health Insurance Program (CHIP), ang Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP, mga food stamp), at ang National School Lunch Program. Ang iyong mga aksiyon ngayon ay makakaapekto sa iyong mga anak at kanilang hinaharap. Gawin ang iyong parte upang tiyakin na lahat sa iyong sambahayan ay mabibilang.

## Sino ang kailangang mabilang?

Lahat ng taong nakatira o madalas na nakatira sa iyong address (kabilang ang garahe o camper sa iyong ari-arian) ay kailangang mabilang, anuman ang kanilang edad. Bilangin lahat ng bata, kabilang ang mga sanggol at bagong panganak, kahit na nasa ospital pa sila pagsapit ng Abril 1, 2020 (Araw ng Senso). Ang mga bata na hinahati ang kanilang oras sa dalawang bahay sa buong taon ay dapat na bilangin sa sambahayan kung saan sila nakatira sa Abril 1, 2020. Tiyaking ipaalala sa taong sumasagot ng survey ng senso sa inyong sambahayan na bilangin ang lahat ng mga bata.

## Anong mga tanong ang makikita sa senso?

Itatanong ng survey ang mga sumusunod na impormasyon sa bawat tao:

- edad
- petsa ng kapanganakan
- pinagmulang Hispanic o Latino
- lahi
- relasyon sa ulo ng sambahayan
- kasarian
- nangungupahan o may-ari ng bahay
- ibang mga tanong (tulad ng pangalan ng bawat tao at numero ng telepono ng sambahayan)

Aabutin ng humigit-kumulang 10 minuto upang makumpleto ang palatanungan, ngunit maaaring mas matagal kung may ibang mga taong nakatira sa iyong sambahayan.

Hindi hihilingin sa iyo na ibigay ang iyong social security number o kalagayan sa imigrasyon ng sinuman sa iyong sambahayan.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, makipag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

Makialam. Makibahagi. Mabilang.

# Ang Iyong **Gabay** sa Senso 2020 para sa mga imigrante

## Paano makakaapekto ang senso sa akin at sa aking pamilya?

Mayroong mahigit sa 1.5 million na mga imigrante sa Lungsod ng Los Angeles. Kung hindi bibilangin ang mga imigrante, maaaring mawalan ng pagpopondo ang L.A. para sa mga kritikal na programa na inaasahan ng mga pamilyang imigrante, kabilang ang Head Start, ang Children's Health Insurance Program (CHIP), ang Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP, mga food stamp), at ang National School Lunch Program.

## Ang Iyong Impormasyon para sa Senso 2020 ay protektado.

Para sa Senso 2020, inirerekomenda ng Kawanihan ng Senso ng U.S. ang pagkumpleto ng palatanungan online. Kahit na kinumpleto mo online ang palatanungan o sa pamamagitan ng papel na aplikasyon, priyoridad ang pagprotekta ng iyong personal na impormasyon. Ayon sa batas, hindi maaaring gamitin ang iyong personal na impormasyon laban sa iyo at ang Kawanihan ng Senso ng U.S. ay nagsagawa ng mga panseguridad na hakbang upang tiyakin na ang proseso ay ligtas sa bawat hakbang nito.

## Magiging ligtas ba ang aking impormasyon? Maaari ba itong magamit laban sa akin o sa aking pamilya?

Tinitiyak ng Batas sa Pagpapabuti ng Cybersecurity ng Pederal na Pamahalaan (Federal Cybersecurity Enhancement Act) ng 2015 na protektado ang iyong impormasyon at mga datos mula sa mga panlabas na panganib sa cybersecurity. Hindi kailanman ihahayag o ilalathala ang iyong pangalan, address, at numero ng telepono. Bukod pa rito, hindi pinapahintulutan ang Kawanihan ng Senso ng U.S. na gamitin ang impormasyon na iyong ibinigay laban sa iyo. Ipinagbabawal ng Titulo 13 ng Kodigo ng U.S. na magbahagi ang Kawanihan ng Senso ng iniuulat mong nakapagpapakilalang impormasyon sa anumang ibang ahensiya o sinumang opisyal ng pamahalaan (kabilang ang mga opisyal ng imigrasyon o anumang ahensiya ng pagpapatupad ng batas), panlabas na entidad, o hukuman ng batas para sa anumang dahilan.



Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, makipag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

census.lacity.org

#2020Census

# Ang Iyong Gabay sa Senso 2020 para sa mga mag-aaral sa LAUSD at mga magulang

## Paano makakaapekto ang Senso sa mga mag-aaral sa LAUSD at kanilang mga pamilya?

Ang Los Angeles Unified School District (LAUSD) ang pangalawang pinakamalaking distrito ng paaralan sa bansa, na mayroong tinatayang 694,096 na mag-aaral sa maagang bahagi ng kabataan, K-12, at edukasyon para sa mga nasa hustong gulang. Mahalaga sa mga mag-aaral at kanilang mga pamilya na mabilang upang matiyak na matatanggap ng lungsod ang bahagi nito sa pederal na pagpopondo para sa mga kritikal na programa sa edukasyon tulad ng Head Start, espesyal na edukasyon, mga gawad ng Titulo I sa mga paaralan sa mga komunidad na mababa ang kita, at mga tanghalian sa paaralan.

## Kailan at paano ako tutugon sa survey ng Senso?

Sa unang bahagi ng 2020, papadalhan ka ng notipikasyon sa iyong tirahan kasama ang mga instruksiyon kung paano sagutan ang survey ng senso online. Ang Araw ng Senso ay Abril 1, 2020. Maaari mo ring sagutan ang survey sa pamamagitan ng pagtawag sa isang numero na toll-free, pagsagot ng survey na nakasulat na ipapadala sa iyong tirahan kung hindi ka makakatugon online, o hintayin ang tagakuha ng senso na pumunta sa iyong tirahan. Kung wala kang access sa internet sa iyong tirahan, maaari kang pumunta sa isa sa daandaang mga Census Action Kiosks (Mga Puwesto sa Pagkilos para sa Senso) sa mga paaralan at ibang mga lokasyon sa Lungsod at County ng Los Angeles.

## Maaari ko bang sagutan ang survey sa aking sariling wika?

Ang survey (at ang opsiyon sa toll free na pagtawag) ay makukuha online sa Ingles at 12 higit pang mga wika (Espanyol, Tsino, Vietnamese, Koreano, Ruso, Arabe, Tagalog, Polako, Pranses, Haitian Creole, Portuges, at Hapon). Ang nakasulat na survey ay available lamang sa Ingles at Espanyol. Gayunpaman, ang Kawanihan ng Senso ng U.S. ay magkakaroon ng mga glosaryo sa wika at mga gabay na available sa 59 wikang hindi Ingles.

## Maaari ba akong makakuha ng higit pang impormasyon sa senso mula sa paaralan ng aking anak?

Sa 2019, magbibigay ang LAUSD ng mga workshop sa senso sa mga pamilya bilang bahagi ng kanilang kampanya, We Are One LA Unified: Standing With Immigrant Families. (Tayo ay Isang Nagkakaisang LA: Naninindigan Kasama ang mga Pamilyang Imigrante.) Isasama rin ng LAUSD ang mga impormasyon tungkol sa senso sa iba-ibang wika sa ilan sa kanilang ibang mga kasalukuyang programa para sa mga magulang at mga mag-aaral.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, makipag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

Makialam. Makibahagi. Mabilang.

# Ang Iyong Gabay sa Senso 2020 para sa komunidad ng LGBTQI

## Bakit ko kailangang lumahok sa senso?

Ang Los Angeles ay isa sa mayroong pinakamatataas na porsiyento ng mga taong kinikilala ang kanilang sarili bilang bahagi ng komunidad ng LGBTQI sa Los Angeles. Kung hindi tumpak ang pagkabilang sa komunidad ng LGBTQI, magkakaroon ng mas kaunting pera para sa mga kritikal na serbisyo at programa na nagseserbisyo sa komunidad ng LGBTQI, kabilang ang mga sentro ng kalusugan sa komunidad, pangangalagang foster, at mga serbisyo para sa mga walang tirahan. Ikaw ay mahalaga at karapat-dapat na maisama sa bilang.

## Ano ang itinatanong ng senso tungkol sa kasarian at oryentasyong seksuwal?

Kasama sa survey ng senso ang isang direktang tanong na nagtutukoy sa kasarian ng bawat tao sa isang sambahayan, ngunit hindi kabilang dito ang mga tanong tungkol sa pangkasariang pagkakakilanlan o oryentasyong seksuwal. Sa unang pagkakataon, itinatanong nito ang mga may kapareha na naninirahan sa iisang sambahayan kung sila ay "magkaparehong kasarian" o "magkasalungat na kasarian" na kasal o hindi kasal na asawa/partner.

## Sino ang kailangang mabilang?

Anuman ang kanilang edad, relasyon o kalagayan sa pagkamamamayan at imigrasyon status, lahat ng nakatira sa inyong sambahayan ay dapat na maisama sa bilang, kasama ang mga partner na may pareho o magkasalungat na kasarian, kinakapatid na anak, inampon na anak, at sinumang madalas na nakatira doon hanggang Abril 1, 2020 (Araw ng Senso).

## Ano ang mangyayari kung hindi ko sinagot, o hindi ko masagutan ang bawat tanong sa survey?

Maisasama ka pa rin sa bilang kung hindi, o hindi mo kayang sagutan ang bawat tanong. Gayunpaman, hinihikayat ka naming tumpak na sumagot ng maraming tanong hangga't makakaya upang matiyak na ang iyong datos ay tama. Kapag naiwan na walang sagot ang mga tanong, susubukan ng Kawanihan ng Senso ng U.S. na sagutan ang kulang na impormasyon gamit ang mga datos mula sa mga sekundaryang pang-administratibo o ikatlong-partidong mapagkukunan.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, makipag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

Eric Garcetti @MayorOfLA

census.lacity.org

#2020Census

Makialam. Makibahagi. Mabilang.

# Ang Iyong **Gabay** sa Senso 2020 para sa mga nangungupahan

## Ano ang ibig sabihin ng senso para sa mga nangungupahan?

Itinuturing na pinakamahirap na bilangin ang mga nangungupahan. Sa Lungsod lamang ng Los Angeles, mahigit kalahati ng tinatayang 4 na milyong residente (63%) ang naninirahan sa mga inuupahan na yunit ng pabahay. Kritikal na lahat ng mga nangungupahan sa Lungsod ng L.A. ay maisama sa bilang upang matiyak na makukuha ng lungsod ang makatarungang bahagi ng pederal na pagpopondo ng mga programang nagbibigay ng benepisyo sa mga nangungupahan, kabilang ang Seksyon 8 ng mga Programa sa Housing Choice Vouchers and Assistance Payments, ang Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP), at mga sentro ng kalusugan sa lokal na komunidad.

## Awtorisado ba ang may-ari ng bahay na aking tinitirahan na magbigay ng impormasyon tungkol sa akin sa isang empleyado ng senso?

Kung hindi makakuha ng sagot ang isang empleyado ng senso mula sa iyo, sila ay kinakailangang makipag-ugnayan sa may-ari o namamahala ng inuupahang tirahan para sa kailangang impormasyon. Maaari itong magdulot ng hindi sapat na bilang, dahil maaaring hindi alam ng mga may-ari ang tumpak na bilang ng mga tao o pamilyang naninirahan sa kanilang ari-ariang pinapaupahan.

## Sino sa aking sambahayan ang kailangang mabilang?

Mahalaga na lahat ng naninirahan o tumutuloy sa iyong address (kabilang sa loob ng iyong apartment o bahay, sa garahe, o sa camper sa iyong ari-arian) ay maisama sa bilang sa Abril 1, 2020. Kabilang dito ang mga sanggol, bata, nasa hustong gulang, matatanda, at mga taong walang relasyon sa iyo. Tatanggapin lamang ng Kawanihan ng Senso ng U.S. ang isang survey sa bawat sambahayan, kung kaya't napakahalaga na ang lahat ay tamang maisama sa bilang sa unang pagkakataon.

## May ipapadala ba sa aking tirahan na mula sa pamahalaang pederal?

Pupunta lamang ang mga tagakuha ng senso sa iyong tahanan kung wala sa iyong sambahayan ang tumugon sa survey sa huling bahagi ng Abril 2020. Sa pagkakataong ito, hihilingin sa iyo ng tagakuha ng senso na kumpletuhin ang palatanungan nang personal. Gayunpaman, karaniwang nahihirapan ang mga tagakuha ng senso na makapasok sa mga gusali ng apartment, kung kaya't maraming nangungupahan ang hindi naisasama sa bilang. Upang maiwasang may pumunta sa iyong tirahan, dapat na kumpletuhin ang palatanungan ng senso sa pinakamaagang pagkakataon mula sa pagkatanggap ng ipinadalang notipikasyon sa koreo.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, makipag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

Eric Garcetti @MayorOfLA

**census.lacity.org**

**#2020Census**

# Ang Iyong **Gabay** sa Senso 2020 para sa provider ng serbisyo para sa mga walang tirahan

## Paano nakakaapekto ang senso sa mga walang tirahan?

Mayrooong humigit kumulang na mahigit 36,000 na mga indibidwal at mga pamilya na walang tirahan sa Lungsod ng Los Angeles, ayon sa Bilang ng Walang Tirahan sa Kalakhang Los Angeles noong 2019 (2019 Greater Los Angeles Homeless Count) ng Awtoridad ng mga Serbisyo sa Walang Tirahan sa Los Angeles (Los Angeles Homeless Services Authority). Ang hindi sapat na pagbilang sa mga indibidwal na ito ay maaaring magresulta ng pagkawala ng bilyong dolyares para sa mga programang pinopondohan ng pederal na pamahalaan na nagbibigay benepisyo sa kanila, kabilang ang Seksyon 8 ng Programa para sa Housing Choice Vouchers, ang Health Care for the Homeless Program, at ang mga Programa para sa Runaway and Homeless Youth.

## Paano makakatiyak ang mga provider ng serbisyo para sa mga walang tirahan ng isang tumpak na bilang?

Mahalagang ang populasyon ng mga walang tirahan sa L.A. ay tumpak na mabilang upang matiyak ang ating makatarungang bahagi ng pederal na pagpopondo para sa mga mahahalagang serbisyong pampubliko. Makipagtulungan sa iyong lokal na Komite sa Kumpletong Pagbilang (Complete Count Committee) at tanggapan ng Kawanihan sa Senso ng U.S. upang makabuo ng mga makabuluhang estratehiya sa pagbibigay ng serbisyo at tumukoy ng mga lokasyon kung saan nakatira ang mga tao.

## Paano mabibilang ng Kawanihan sa Senso ng U.S. ang mga indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng tirahan?

Pagbilang Batay sa Serbisyo (Service-Based Enumeration)
(Marso 30 - Abril 1, 2020)
Upang mabilang ang mga tao at lugar kung saan sila nakakatanggap ng mga serbisyo (kabilang ang mga shelter at mga soup kitchen) at sa mga lokasyon sa labas tulad ng mga kampo (encampment).

Pagbilang sa mga Hindi Permanenteng Lokasyon
(Abril 9 - Mayo 4, 2020)
Upang mabilang ang mga taong walang permanenteng tirahan sa mga hindi permanenteng lokasyon, tulad ng mga hotel at motel.

Ang tanong sa survey ng senso
Itinatanong sa mga tumutugon na isama ang sinumang pansamantalang tumutuloy sa kanilang tahanan, na maaaring hindi pa naisasama sa bilang ng sambahayan.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, makipag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

# Ang Iyong Gabay sa Senso 2020 para sa may-ari ng negosyo

## Ano ang relasyon ng senso at mga may-ari ng negosyo?

Kada limang taon, nagsasagawa ang Kawanihan ng Senso ng U.S. ng Sensong Pang-ekonomiko (Economic Census). Nakakatulong ang nakuhang impormasyon sa mga kasalukuyan at hinaharap na may-ari ng negosyo na gumawa ng may-kaalamang desisyon tungkol sa lahat mula sa kung saan magbubukas o magpapalawak ng negosyo hanggang sa kung magkano dapat ang suweldo na dapat nilang ibayad sa kanilang mga empleyado. Nakakatulong ito sa mga ahensiya ng lokal na pamahalaan na masukat ang ekonomikong pagganap ng kanilang rehiyon. Nakakatulong din ang datos ng senso para sa pederal na pagpopondo para sa mga pagpapabuti ng mga impraestruktura at mga proyekto sa transportasyon--mga isyu na direktang nakaugnay sa pang-ekonomikong pag-unlad at kalidad ng buhay, na nakakaapekto sa kung saan nagkakaroon ng mga negosyo at mga trabaho.

## Ano ang sasabihin ko sa aking mga empleyado tungkol sa senso?

Dapat na hikayatin mo ang iyong mga empleyado na kumpletuhin ang senso at mabilang. Kung hindi lalahok ang mga tao, makokompromiso ang mahalagang impormasyon at pederal na pondo.

Hindi magkakaroon ng tumpak na datos ang mga may-ari ng negosyo upang magamit sa pagtukoy kung saan sila dapat na magbukas ng negosyo o ng demograpiko ng mga potensiyal na mga kustomer. Hindi magkakaroon ng kumpletong larawan ang mga lokal na ahensiya kung paano gumagana ang lokal na ekonomiya. At ang pederal na pamahalaan ay maaaring malaktawan ang mga pagpapabuti sa inyong komunidad.

## Paano makatutulong ang mga negosyo, kamara ng commerce at iba pang mga grupo sa mga pagsisikap sa pag-outreach ng sensus?

Maging Embahador para sa Pagtataguyod ng Senso upang ipakalat ang impormasyon tungkol sa kahalagahan ng senso sa mga miyembro ng chamber at mga kostumer. Isaalang-alang na mag-organisa ng Census Action Kiosks (Mga Puwesto sa Pagkilos para sa Senso) sa inyong tanggapan o breakroom para sa mga empleyadong walang regular na access sa internet. Isama ang mga mensahe para sa senso 2020 sa mga programa, serbisyo, newsletter, at website.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, makipag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

Makialam. Makibahagi. Mabilang.

# Ang Iyong **Gabay** sa Senso 2020 para sa mga indibidwal na may mga kapansanan

## Bakit mahalaga ang senso sa mga taong namumuhay ng may mga kapansanan?

Ayon sa estimasyon ng populasyon ng 2018 ng Kawanihan ng Senso ng U.S., sa pagitan ng 2013-2017, 6.3% ng mga taga-Los Angeles na mas bata sa edad na 65 ay nag-ulat ng pagkakaroon ng kapansanan.

Ang mga bingi o may kahirapan sa pandinig, bulag, o mga nakakaranas ng ibang kapansanan sa pag-unawa ay kailangang makita at mabilang. Lahat, anuman ang kapansanan ay naapektuhan ng hindi tumpak na bilang ng senso. Nakokompromiso ang pederal na pondo para sa pangangalagang pangkalusugan, mga programa sa pagbibigay ng tulong o proteksiyon sa mga tao at politikal na pangangatawan kapag hindi lumalahok ang lahat sa senso.

## Maa-access ba ng mga may kapansanan ang palatanungan ng senso?

Ang mga taong hindi makakapagpasa ng palatanungan online ay maaaring tumawag sa hotline ng Senso upang kumpletuhin ang palatanungan o kumuha ng nakasulat na palatanungan mula sa isang tagakuha ng senso upang sagutan. Ang mga local na Embahador para sa Pagtataguyod ng Senso at Komite sa Kumpletong Pagbilang ay nakikipagtulungan din sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad upang lumapit sa mga indibidwal na maaaring mayroong kapansanan sa pagsasalita, wika, paningin o ibang uri at maaaring kailangan ng tulong sa pagkumpleto ng palatanungan. Higit pa rito, magbibigay ang Kawanihan ng Senso ng mga glosaryo ng wika at gabay na video at naka-print, na magiging available sa 59 wika na hindi Ingles, kabilang ang American Sign Language, Braille, at malalaking print.

## Magiging available ba ang palatanungan sa mga taong hindi nagsasalita ng Ingles?

Oo. Online, magiging available ang palatanungan sa 12 wikang ito: Espanyol, Tsino (Simplified), Vietnamese, Koreano, Ruso, Arabe, Tagalog, Polako, Pranses, Haitian Creole, Portuges, at Hapon. Magbibigay din ng tulong ang hotline ng senso sa mga wikang ito at mga device sa pakikipag-ugnayan para sa mga bingi.

Ang mga nakasulat na palatanungan ay magiging available sa Ingles at Espanyol.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, makipag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

Makialam. Makibahagi. Mabilang.

# Ang Iyong **Gabay** sa Senso 2020 para sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan

## Bakit mahalaga ang senso sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan?

Ang mga klinika, kompanya ng insurance o seguro sa kalusugan, lokal na pamahalaan, at mga unibersidad ay umaasa sa datos ng senso upang magkaroon ng may-kaalaman na desisyon tungkol sa mga polisiya, pagtatasa ng mga kailangan ng komunidad, at higit pa.

Ayon sa estimasyon ng populasyon ng senso noong 2018, 17.2% ng mga residente ng Los Angeles na mas bata sa edad 65 ay walang insurance. Nakakatulong ang mga impormasyon mula sa datos ng senso na pondohan ang mahahalagang programa tulad ng Medicaid, Medicare Part B, Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children (WIC), Children's Health Insurance Program (CHIP), mga sentro ng kalusugan, at higit pa. Sa California, (ayon sa datos ng senso noong 2010, "Counting for Dollars 2020"), mahigit $55 bilyon ang nakalaan para lamang sa Medicaid.

## Paano mabibilang ang mga pasyente sa ospital o mga nursing home?

Dapat na lahat ay mabilang kung saan ka nakatira o natutulog nang mas madalas sa o bago mag-Abril 1, 2020 (Araw ng Senso). Ang mga ospital at mga nursing home ay itinuturing na group quarters (tirahang panggrupo). Sa unang bahagi ng 2020, ang mga kinatawan ng Kawanihan ng Senso ng U.S. ay makikipag-ugnayan sa iyong pangasiwaan upang tingnan kung ang iyong pasilidad ay nagpaplano na direktang magpasa ng datos sa Kawanihan ng Senso o kung ang mga itinalagang empleyado ay kukuha ng mga nakasulat na palatanungan ng senso mula sa mga pasyente.

## Magiging available ba ang palatanungan sa mga pasyenteng hindi nagsasalita ng Ingles?

Oo. Online, magiging available ang palatanungan sa 12 wikang ito: Espanyol, Tsino (Simplified), Vietnamese, Koreano, Ruso, Arabe, Tagalog, Polako, Pranses, Haitian Creole, Portuges, at Hapon. Magbibigay din ng tulong ang hotline ng senso sa mga wikang ito at mga device sa pakikipag-ugnayan para sa mga bingi.

Ang mga nakasulat na palatanungan ay magiging available sa Ingles at Espanyol.

Ang mga glosaryo ng wika at gabay na video at naka-print ay magiging available sa 59 na wika na hindi Ingles, kabilang ang American Sign Language, Braille, at malalaking print.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, makipag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

Eric Garcetti @MayorOfLA

census.lacity.org

#2020Census